- Dapat muling itakda ng California ang mga hangganan ng mga distrito ng Kongreso, Senado ng Estado, Asamblea ng Estado at Lupon ng Pagpapantay-pantay ng Estado (State Board of Equalization) nito bawat sampung taon upang maisalamin ang bagong datos sa populasyon ng pederal na senso.

- Bago ang 2008, itinakda ng mga mambabatas ng California ang kanilang mga sariling hangganan ng distrito. Noong Nobyembre 2008, ipinasa ng mga botante ng California ang Voters FIRST Act (Batas), na inaawtorisahan ang pagbuo ng Komisyon sa Muling Pagdistrito ng Mga Mamamayan (Citizens Redistricting Commission) (Komisyon) upang itakda ang mga bagong hangganan ng distrito at inaalis ang responsibilidad na ito sa Lehislatura. Noong 2010, idinagdag ng Voters FIRST Act para sa Kongreso ang responsibilidad ng pagtakda ng mga distrito ng Kongreso sa Komisyon.

- Inaatas ng Batas na ito sa Auditor ng Estado ng California, isang entidad na independent at walang kinaaanibang partido, na pangasiwaan ang proseso ng aplikasyon para sa pagpili ng mga miyembro ng Komisyon upang maisalamin ang mga pagkakaiba-iba sa heograpiya, propesyon, at lipunan ng California. Binubuo ang Komisyon ng 14 na miyembro: limang miyembro na mga Democrat, limang miyembro na mga Republican, at apat na miyembro na wala sa alinman sa mga partidong iyon.

- Bilang pagsunod sa mga mahigpit at walang pinapanigang partido na tuntunin sa pagbuo ng mga distrito na may halos pantay-pantay na populasyon at nang may layunin ng pagbibigay ng patas na representasyon para sa lahat ng mga taga-California, itinatakda ng Komisyon ang mga hangganan para sa mga distrito ng Kongreso, distrito ng Senado ng Estado, distrito ng Asamblea ng Estado, at distrito ng Lupon ng Pagpapantay-pantay ng Estado. Kapag naaprubahan na ng Komisyon ang pinal na apat na mapa, sinesertipikahan ang mga mapa sa Kalihim ng Estado (Secretary of State) ng California na may kasamang ulat na ipinapaliwanag ang batayan ng mga ginawang desisyon ng Komisyon.

- Ang Komisyon ay magsasagawa ng mga pampublikong pagpupulong at tatanggap ng komento ng publiko sa iba't ibang paraan upang makatulong sa pagtakda ng mga bagong mapa ng distrito. Maaaring makilahok ang publiko sa pamamagitan ng pagsumite ng pampublikong komento sa aming website, sa isa sa aming mga pagpupulong, sa pamamagitan ng tool sa pagmamapa ng mga komunidad ng interes at sa pamamagitan ng pagpapadala sa mail ng kanilang komento.

- Dapat sundin ng Komisyon ang mga pamantayang ito, ayon sa pagkakasunod-sunod na ito, kapag ginuguhit ang mga mapa ng distrito:

    1. Dapat pantay-pantay ang populasyon ng mga distrito bilang pagsunod sa Konstitusyon ng US.
    2. Dapat sumunod ang mga distrito sa Batas sa Mga Karapatan sa Pagboto (Voting Rights Act) upang matiyak na may pantay na oportunidad ang mga minoridad na maghalal ng mga pinipili nilang kinatawan.

3. Dapat magkakatabi ang mga lugar ng distrito, nang sa gayon ay konektado ang lahat ng bahagi ng distrito sa isa't isa.
4. Dapat iwasan ng mga distrito ang paghahati sa mga lungsod, county, kapitbahayan, at komunidad hangga't maaari.
5. Dapat siksik ang mga lugar sa distrito: sa paraang ang mga magkakalapit na lugar na may mga tao ay hindi dapat laktawan para sa mas malayong populasyon. Tinutukoy ng kinakailangang ito ang densidad (o dami ng tao sa partikular na sukat ng lugar), hindi ang hugis. Hindi maaaring paghiwalayin ang mga pangkat ng senso (census block).
6. Kung maaari, ang bawat Distrito ng Senado ay dapat binubuo ng dalawang kumpleto at magkatabing Distrito ng Asamblea, at ang mga distrito ng Lupon ng Pagpapantay-pantay ay dapat binubuo ng 10 kumpleto at magkakatabing Distrito ng Senado ng Estado.